

Ang Kayamanan Ni Mithu

Maliit na ibon si Mithu. Kahit maliit siya, maraming bagay and kanyang kinagigilingan.

Mahilig siyang tumuka ng mga maliliit na bato, ng mga tuyong dahon, at ng mga matatamis na prutas. Libangan ni Mithu ang habulin ang mga tipaklong at kuliglig. Gumagawa ng malaki't mausok na ulap ng alikabok ang kanyang pumapalampak na mga pakpak, at natatapos ang lahat sa pag-ubo at pagbahing. Kalmado si Mithu habang nakikinig sa tunog ng pag-agos ng tubig sa ilog, o habang binabakas niya ang mga katawan ng puno kung saan lumalaki ang mga malalambot na kabute. Umaawit siya tuwing pagsikat ng araw, at muli tuwing paglubog. Ito ang mga kinagigilingan ni Mithu.

Nanirahan si Mithu sa isang maaliwalas na pugad. Ang kanyang pugad ay nakabalanse sa sangay ng punong narra. Malapit itong puno sa ilog, kaya't presko ang simoy ng hangin na nalalanghap ni Mithu. At dahil mahal na mahal niya ang tubig, ang lugar na ito ay perpekto para sa kanya.

Unti-unti niyang tinayo ang kanyang pugad gamit ang kinolekta niyang mga patpat, damo, at balahibo. Sa loob ng kanyang bahay, makikita ang knayang mga kayamanan: kumikinang na insekto, mahimulmol na plumahe, makikinis na bato, at mani kung may biglang pangangailangan! Lahat ng mga ito ay itinago ni Mithu sa ilalim ng isang malaking kabute, At dahil protektado ang kanyang mga kayamanan, nakakatulog si Mithu nang mahimbing gabi-gabi.

Malaki at matanda ang punong narra na tinitirhan ni Mithu, kaya't hindi siya naiinitan tuwing tag-init, at hindi rin siya nilalamig sa taglamig. Sa panahon ng pagsibol, umuusbong ang mga dahon at berde ang kagubatan. Pagdating ng

taglagas, nagbabago ang kulay ng mga puno. Dilaw, pula, at kayumanggi ang buong gubat. Kay ganda! Kasingganda ng mga panahon, mahilig humiram si Mithu ng mga palamuti para pagandahin ang kanyang pugad. Pero ang pinakahilig ni Mithu ay ang matamis na prutas ng iba't ibang puno sa gubat. Hinahalo niya ito sa niyebe upang gumawa ng ice candy. Kaya't tuwing taglamig, kahit walang mani o prutas, nakakakain parin si Mithu ng ice candy!

Lahat ay maayos, hangga't isang mabagyong araw, nagbago ang lahat.

Nagising si Mithu sa tunog ng kulog. Gumuhos ang ulan. Rinig na rinig ni Mithu ang hiyaw ng ulan habang nasa loob ng kanyang umuugoy na pugad.

Tumingin si Mithu sa kanyang paligiran, naghahanap ng suklob. Bumaliktad ang kabute ni Mithu at nahulog. Kumalat ang kanyang mga kayamanan.

Sa labas ng kanyang pugad, hindi humintong humiyaw ang hangit bumagsak ang ulan; and kanyang punong narra ay umindayog, at ang kanyang pugad ay parang lumilindol. Unti-unting nasira ang munting bahay ni Mithu, hangga't ni isang damo ni balahibo ng kanyang pugad ay natira. Walang pagpipilian si Mithu kundi lumayas. Lumipad si Mithu at lumilim sa isang butas ng punong narra. Doon niya nasaksi ang pagsira ng kanyang minamahal na pugad.

Pagkalipas ng araw, huminto ang bagyo. Ngunit, sira parin ang pugad ni Mithu. Makikita na lang ang isang tambalan sa may sanga kung saan nakatuntong ang kanyang pugad bago bumagyo. Para kay Mithu, ang kanyang pugad ay hindi lamang mga sanga, damo, o balahibo, kundi ang kanyang tahanan. Pinaghirapan ni Mithu itayo ito, pakaingat-ingatan ito. Doon siya kumain, natulog, at kumanta. Doon, si Mithu ay ligtas at masaya.

Sobra-sobra na ang nararamdaman ni Mithu. Umupo siya sa tabi ng butas ng punong narra. Kay galit, kay sama ng loob, at kay basa ni Mithu dahil wala siyang magawa-gawa. Habang siya'y nagmumuni-muni, dumating si Gurong Bulbol, at bumisita kay Mithu.

“Andito ka pala, Mithu! Kamusta?” tanong ni Gurong Bulbol.

“Ako ay mabuti, ngunit...” paiyak na sabi ni Mithu.

“Sabi mo’t mabuti ka, pero malungkot ang iyong mukha. May nangyari ba?”
tanong ni Guro.

Lumipad si Mithu at dumapo sa isang sanga at sinabi, “Dito dapat nakatayo ang aking mahal na pugad.”

“Hala! Wala na ang iyong pugad!” sigaw Gurong Bulbol.

“Opo, wala na po, at hindi ko siya masilbi. Sinubukan ko pong kumapit sa aking kama at mahahalagang bagay... ngunit ako’y mahina. Lumayas ako at naghanap ng kanlungan. Nanatili dapat ako. Masumikap dapat ako.

“Sinisisi mo ba ang sarili mo?” nag-aalalang tanong ni Guro.

“Sana masumikap ako. Sana ay nasilbi ko ang aking pugad. Pero hindi ako nagpursigi,” sabi ni Mithu, na parang natalo.

Tahimik lamang si Gurong Bulbol. Magkasama nilang siniyasat ang mga sirang sanga’t dahon at ang hungkag na lugar kung saan dapat nakaupo ang pugad ni Mithu.

“Nakita mo ba na minsan, ang mga bulaklak ng punong narra nagpupumilit na mamukadkad? Kung minsan, ang mga talulot niya’y baluktot o punit, o kaya ang ilang mga usbong ay huli nang mamulaklak?” tanong ni Gurong Bulbol.

Hindi maintindihan ni Mithu ang sinusubukang sabihin ni Guro. Ngunit, alam niyang tinutulungan siya; sa gayon, tumugon pa rin si Mithu: “Opo, naranasan ko po. Nakita ko na ang ilan sa mga usbong ay hindi namumulaklak tulad ng iba, ang ilan ay nahuhuli, ang ilan ay hindi namumulaklak nang ganap.”

“Kapag ang isang bulaklak ay hindi kayang mamukadkad, hindi nararapat sisihin ang bulaklak,” maalalahaning sinabi ni Gurong Bulbol.

“Ang bawat bulaklak ay nais na mamukadkad. Ipagsapalaran ito ng mga bulaklak kung makakaya nila. Kaya, sa halip na sisihin ang bulaklak, tingnan muna natin ang

ating paligid upang makita kung ano nga ba ang nakakagambala sa bulaklak. At pagkatapos ay makikita natin kung mayroon tayong pwedeng baguhin upang tulungang mamukadkad ang bulaklak sa pinakamahasay na paraang makakaya nito?” iminungkahi ni Gurong Bulbol.

“Hindi po ba kasalanan ng bulaklak na nabigo itong mamukadkad?’ tanong ni Mithu.

“Ano sa tingin mo, Mithu?” mapagmahal na tinanong ni Guro.

Matapos ang ilang oras ng pagmumuni, lumingon si Guro kay Mithu at nag-usisa: “Maaari ko bang tanungin kung ano ang sumira ng iyong pugad? Ano ang nagpakahirap para sa iyo na salbihin ito?”

“Ang hangin po, hindi lamang ang ulan. Pati rin po ang punong narra, hindi na naligtas sa hangin. Nawalang din po siya ng maraming sangay,” sabi ni Mithu.

“O, diba!” sabi ni Gurong Bulbol. “Kahit ang malaking punong narra ay hindi nakalaban? Nangangahulugan ito na isang matinding hangin ang naganap.”

“Opo. Madaling naputol ang mga sanga ng punong maple, parang pinatuyong dayami!” sagot ni Mithu.

“Totoo ba?” bulalas ni Gurong Bulbol. “Kung ganoon nga, masisisi mo ba talaga ang sarili mo sa pagkawala ng iyong pugad?”

“Hindi po siguro,” mapanasalamin na sinabi ni Mithu. “Ngunit nawala lahat sa akin, Guro. Wala akong naligtas!”

“Hmmm... hindi ata ito totoo. Sa palagay ko may nailigtas kang bagay, isang bagay na ubod na mahalaga,” sabi ni Gurong Bulbol, na seryoso ang mukha.

“Mayroon po? Ano po iyon?” tanong ni Mithu.

“Ang iyong sarili. Maaaring gawing muli ang isang pugad. Maaaring kolektahin muli ang mga kayamanan. Ngunit hindi mapapalitan and isang Mithu,” sabi ni Gurong Bulbol. Binigyan niya si Mithu ng isang mahigpit na yakap.

Pagnilayan natin. . .

1. Sa kwento, si Mithu ay may maraming kayamanan, katulad ng kumikinang na insekto, mahimulmol na plumahe, at makikinis na bato. Ngunit, ibang kahulugan ang kayamanang winiwika ni Gurong Bulbol. Sumasang-ayon ka ba kay Guro? Bakit ka sasang-ayon o hindi sumasang-ayon?
2. Malaking pinsala dulot ng bagyo ang naranasan ni Mithu. Bukod dito, ang proseso ng muling pagtatayo ng kagubatan pagkatapos ng bagyo ay hindi pa nagsisimula. Ano sa palagay mo ang kailangan ni Mithu upang masimulan ang paggaling?
3. Isipin na si Mithu ay isa sa iyong matalik na kaibigan at makilala mo si Mithu kaagad pagkatapos ng bagyo. Ano ang naisip mong ginagawa ninyong dalawa?

Written by Udeni Appuhamilage

Translated by Francine Chloe Ramirez

All rights reserved by Kotori Project ©2022

Organized by:

MUSE (Music Unites Special Education) 認定NPO法人 ミューズの夢

Supported by:

Save the Children Japan and Japan Network for Public Interest Activities

